3 Gastos sa panganganak at iba’t-ibang uri ng benepisyo

3-3 Maternity allowance (shussan teatekin, habang nakabakasyon sa trabaho dahil sa panganganak)

Sa mga araw na hindi makapasok sa trabaho dahil sa panganganak, makakatanggap ng maternity allowance mula 42 na araw (98 araw para sa multiple pregnancy) bago manganak (kapag ang araw ng panganganak ay lumampas sa inaasahang araw ng panganganak, gamitin ang scheduled delivery date) hanggang 56 na araw pagkatapos ang panganganak kapag hindi kayang bayaran ng employer ang sahod.

Ang matatanggap na halaga sa bawa’t araw ng di pagpasok sa trabaho dahil sa panganganak ay 2/3 ng halaga ng pamantayang natatanggap sa isang araw (standard daily wage).

Kapag nakatatanggap ng sahod mula sa employer na mas maliit sa halaga ng maternity allowance, makakatanggap ng balance pay.